# Ang ating sistema ng kalusugan at kapansanan

## Pagbuo ng isang mas matibay na sistema ng kalusugan at kapansanan na maghahatid para sa lahat ng taga-New Zealand

Abril 2021

Ang ating sistema ng kalusugan ay sinusuportahan ng isang dedikadong workforce (lakas-paggawa) – ngunit naging napaka-kumplikado at hiwa-hiwalay, at maaari sanang makapagbigay ng mas pantay at mas mahusay na pangangalaga.

Noong 2018, nag-komisyon ang Pamahalaan ng Health and Disability System Review na alamin kung paano natin mababago ang ating sistema ng kalusugan upang maghatid ng pangakong iyon. Ang papel na ito ay nagbubuod sa paunang tugon ng Pamahalaan sa Review na iyon, at nagpapaliwanag kung paano namin pinaplanong patibayin ang ating sistema ng kalusugan upang ang bawat taga-New Zealand ay maka-access sa tamang pangangalaga sa tamang oras.

# Bakit gagawan ng pagbabago ang ating sistema ng kalusugan?

Malinaw ang kaso para sa pag-reporma ng sistema ng kalusugan ng New Zealand. Bagama't ang sistema ng kalusugan at kapansanan ay gumagana nang mahusay sa kabuuan sa ilang mga panukat, ito ay may malaki at patuloy na mga isyu sa paghahatid nang pantay at di-pabagu-bago para sa lahat.

Ang isang tumatandang populasyon, mga pagsulong sa pangangalaga at lumalaking pabigat mula sa talamak na sakit ay nangangahulugang ang pangangailangan para sa mga pangkalusugang serbisyo ay lalaki lamang sa darating na mga dekada. May mga pahiwatig na ang ating sistema ng kalusugan ay nahihirapang tumupad sa kasalukuyang pangangailangan, at kailangan ng ating workforce ang mas malaking suporta upang panatilihing malusog ang mga taga-New Zealand nang mas matagal. Ang mga repormang ito ay naglalayong harapin ang mga paghamong ito, at mas mahusay na bigyang-lakas ang ating sistema ng kalusugan upang umunlad sa hinaharap.

# Ano ang magiging anyo ng reporma?

Layon nating patibayin ang ating sistema ng kalusugan sa **isang pambansang pangkalusugang serbisyo** na nagbibigay ng matatag, mataas na kalidad na mga pangkalusugang serbisyo para sa lahat, lalo na sa mga grupo na nakagawian nang hindi lubusang nabibigyan ng serbisyo.

Sa ating sistema ng kalusugan sa hinaharap, sa halip na isang ‘loterya ng postcode’ ang magpapasya sa pangangalaga na maa-access ng mga tao, tayo ay magkakaroon ng mas mabuting balanse ng pambansang katatagan para sa mga serbisyo ng ospital at espesyalista, at lokal na pag-aakma ng pangunahin at pangkomunidad na pangangalaga. Ito ay magpapabuti sa kalidad at pagkakapantay ng pangangalaga, habang tinitiyak na ang mga serbisyong iyong tatanggapin na malapit sa tahanan ay sasalamin sa mga pangangailangan ng inyong komunidad.

Upang gawing posible ang hinaharap na ito, kailangan natin ng mga istraktura na titiyak na ang pamahalaan ay mas malalapit sa mga komunidad, at may mas ugnayang pambansa. Upang matamo ito, tayo ay:

- **muling itutuon ang tungkulin ng Ministri ng Kalusugan** bilang pangunahing tagapangasiwa ng sistema ng kalusugan at punong tagapayo sa Pamahalaan tungkol sa mga bagay kaugnay sa kalusugan
- **lilikha ng bagong organisasyon, Health NZ,** upang maging responsable para sa pang-araw-araw na pamamalakad ng ating sistema ng kalusugan – kung saan **lahat ng mga District Health Board ay pagsasama-samahin.**
- **lilikha ng bagong Māori Health Authority** upang tiyaking ang ating pangkalusugang sistema ay naghahatid ng pinabuting mga kalalabasan para sa Māori, at direktang magko-komisyon ng iniakmang mga pangkalusugang serbisyo para sa Māori
- **magtatatag ng bagong Public Health Agency (Ahensya ng Pampublikong Kalusugan)** sa loob ng Ministri ng Kalusugan at isang pinatibay, **na pambansang serbisyo ng pampublikong kalusugan sa loob ng Health NZ**, upang tiyakin na tayo ay laging handang tumugon sa mga banta sa pampublikong kalusugan, gaya ng mga pandemya.

# Mga nilalaman


| | |
|---|---|
| Pangarap para sa ating kinabukasan | 4 |
| Ang pamamaraan upang magsagawa ng reporma | 5 |
| Pagbabago ng istraktura | 6 |
| Hauora Māori | 8 |
| Pangunahin at pangkomunidad na pangangalaga | 9 |
| Pangangalaga sa ospital at espesyalista | 10 |
| Pampublikong kalusugan | 11 |
| Ang programa ng pagbabago | 12 |

# Pangarap para sa ating kinabukasan

Ang ating sistema ng pampublikong kalusugan ay isa sa pinakamalaking pag-aari ng New Zealand, na nagsusulong sa paglago ng kalusugan, kagalingan at ekonomiya. May malaki tayong oportunidad upang tiyaking ito ay gagana nang mabuti, at babawi sa mga taga-New Zealand na hindi lubusang naserbisyuhan noong nakaraan.

## Ang ating pangarap ay bumuo ng isang sistema na magtatamo ng pae ora | malusog na kinabukasan para sa lahat ng taga-New Zealand.

Ang isang sistema ng kalusugan na magtatamo ng pae ora ay dapat magpokus sa paghahatid ng:

- **Equity (Katarungan)**, pagtalakay sa agwat ng pag-access at mga kalalabasan para sa mga taga-New Zealand, lalo na para sa Māori, mga taong-Pasipiko, mga taong may kapansanan, at mga mahihinang grupo.
- **Partnership (Pakikipagtulungan)** sa Māori kung paano ididisenyo at ihahatid ang pangkalusugang pangangalaga, at bigyang-kapangyarihan ang lahat upang tumulong magdisenyo ng mga sistemang gagana para sa kanila.
- **Sustainability (Likas-kakayahan)**, paghadlang at pagbawas ng pangangailangan sa kalusugan sa halip ng pagtingin lamang sa sakit, at pagtataguyod ng mahusay, may mataas na kalidad ng pangangalaga.
- **Pangangalagang naka-sentro sa tao at whānau** na nagbibigay-kapangyarihan sa lahat upang pamahalaan ang sarili nilang kalusugan at kagalingan, pagbibigay sa mga tao, sa kanilang mga tagapag-alaga at whānau ng makahulugang pagkontrol.
- **Excellence (Kahuyasan)**, tumitiyak ng matatag, may mataas na kalidad na pangangalaga sa lahat ng lugar, sinusuportahan ng pamunuang-klinikal, inobasyon at bagong mga teknolohiya upang patuloy na mapagbuti ang mga serbisyo.

Sa totoo, ito ay tila isang sistema kung saan:

- pinapatibay ng ating sistema ng kalusugan ang mga prinsipyo at obligasyon ng Te Tiriti o Waitangi, na ang rangatiratanga ang huhugis ng disenyo sa pangangalaga para sa Māori, kaya uunlad ang mga modelong Māori na pangangalaga
- lahat ay maaaring maka-access sa mas malawak na hanay ng suporta upang manatiling malusog sa komunidad, na may mas marami pang mga serbisyong dinisenyo ayon sa mga pangangailangan ng mga tao, at may mas mahusay na suporta sa pag-aalaga ng sarili
- ang pangangalagang pang-emerhensya at espesyalista ay maa-access at patuloy na katangi-tangi, na may pambansang network na titiyak na ang napakahusay na pangangalaga ay hindi magdedepende kung saan ka nakatira
- higit pang maa-access ang mga teknolohiyang digital, na magiging mas karaniwan ang pangangalagang malapit sa tahanan
- ang mga manggagawa ng kalusugan at pangangalaga ay pinahahalagahan, sinusuportahan at mahusay na sinanay, sinusuportahan ng pinagsaluhang mga pinahahalagahan, mas mahusay na pangmatagalang pagpaplano, at pagtutulungan ng mga organisasyong pangkalusugan.

Abot-tanaw ang hinaharap na ito – ngunit mangangailangan ng malalaking pagbabago kung paano pinagagana ang ating sistema ng kalusugan.

# Ang pamamaraan upang magsagawa ng reporma

Ang mga taong nagtatrabaho sa ating mga ospital, general practice, botika, outpatient unit, provider na Māori at Pasipiko, mga pasilidad ng pangangalaga at mga opisina, ay katangi-tangi ang sipag ng pagtatrabaho at dedikasyon – ngunit hindi sapat na sinusuportahan ng mga kapaligiran at infrastructure ng ating sistema ng kalusugan. Maraming mga halimbawa ng inobasyon at mahusay na mga gawi, ngunit kadalasan ang mga ito ay hindi kinikilala o nahihirapang maikalat sa buong sistema.

Dahil dito, ang Pamahalaan ay nagsisimula ng reporma sa mga organisasyon na sumusuporta sa paghahatid ng ating sistema ng kalusugan – kabilang ang Ministri ng Kalusugan at mga District Health Board.

Kung layon nating pabutihin ang kalidad, katatagan at pagkakapantay-pantay ng pangangalagang inihahatid ng ating sistema, kailangan nating magsimula sa pagpapatibay ng mga tungkulin, istraktura at organisasyon na ginagawang posible ang pangangalaga.

Ang ating sistema ng kalusugan ay naging labis na kumplikado at mahirap pamahalaan. Ito ay labis na kumplikado para sa isang maliit na bansa na may limitasyon sa mga tao, pondo at mapagkukunan. Bilang resulta, ginagawa nitong mas mahirap kaysa sa dapat sanang mangyari upang maghatid ng pinakamahusay na pangangalaga para sa lahat.


Sa paglipas ng panahon, nais nating mas mahusay na suportahan ang mga provider ng pangangalaga upang samantalahin ang ating pinatibay na sistema ng kalusugan upang mapagbuti ang kalidad at katatagan ng pangangalaga, at mas mabuting maisangkot ang mga tao bilang mga katuwang sa sarili nilang pangangalaga. Nangangahulugan ito na ang mga bagay na tulad ng pagtutulungan upang gawing maayos at mas madali ang pag-access; muling pagdisenyo ng mga serbisyo upang mas mahusay na matugunan ang mga pangangailangan ng ating iba't ibang komunidad; at pagbibigay sa ating mga propesyonal ng kalusugan ng suportang kailangan nila upang makapagtrabaho sa abot-saklaw ng kanilang kakayahan.

Nangangahulugan din ito ng pagtiyak na ang mga 'enablers' (mga magpapagana) na nakapaligid sa sistema ng kalusugan – katulad ng pagkakaroon ng sapat na bilang ng bagong mga propesyonal ng kalusugan at hauora, digital na infrastructure, may kalidad na mga datos at mga pasilidad at kagamitang angkop-para-sa layunin – ay akma para sa sistema ng kalusugan sa hinaharap.

Mangyayari ang mga pagbabagong ito sa paglipas ng panahon, at tayo ay patuloy na makikipag-usap sa mga komunidad at mga propesyonal ng kalusugan tungkol sa mga ito sa mga darating na buwan. Ngunit bago maging epektibo ang pagbabago sa pangangalaga, kailangan natin ang infrastructure ng ating sistema ng kalusugan upang mas mahusay na masuportahan ang mga frontline natin.

# Pagbabago ng istraktura

Ang ating sistema ng kalusugan ay medyo kumplikado; kinasasangkutan ito ng maraming mga organisasyon, ang bawat isa ay may kanya-kanyang mga tungkulin at ugnayan. Ngunit sa pinakamataas na antas, ang ating sistema ng kalusugan ay malawak na gumagana nang ganito:





Ang sistemang ito ay mailalarawan sa pamamagitan ng:

- hindi patas na mga kinalabasan para sa mga komunidad ng Māori, Pasipiko, mga taong may kapansanan at iba pa
- limitadong pambansang pagpaplano, kaya ang mga desisyon na maaaring gawin nang minsan lamang para sa buong populasyon ay nauulit nang maraming beses
- hindi sapat na pagtuon at pamumuhunan sa pangunahin at pangkomunidad na pangangalaga na tutulong panatilihing malusog at wala sa ospital ang mga tao
- isang ‘loterya ng postcode’ na nangangahulugang ang pangangalaga na iyong tatanggapin ay depende kung saan ka nakatira, at kung aling DHB at Pangunahing Organisasyong Pangkalusugan ang sumasaklaw sa iyo.

Ang mga bagong istraktura at mga organisasyon na nililikha ng mga repormang ito ay nilalayong lulutas sa mga problemang ito – at lilikha ng isang matatag, patas na sistema upang magbigay ng pangangalaga sa lahat.

Sa halip ng kumplikadong sistemang iyon, ang sistema ng kalusugan sa hinaharap ay mas magiging katulad ng:




Ang sistemang ito ay magiging mas madali at mas may koordinasyon, na magbibigay-daan sa mas mahusay at mas matatag na pangangalaga. Haharapin nito ang mga paghamon ng kasalukuyang sistema natin sa pamamagitan ng ilang pangunahing mga pagbabago:

- Paglikha ng bagong organisasyon, Health NZ, upang pamahalaan sa araw-araw ang ating sistema ng kalusugan. Sa halip ng 20 DHB, mga 30 PHO at isang kumplikadong sapot ng mga kontrata, isang solong Health NZ ang titiyak sa kadalian, katatagan at kalidad ng pangangalaga.
- Ang Health NZ ay magpaplano at magkokomisyon ng mga serbisyong pangkalusugan para sa buong populasyon. Magtatakda ito ng apat na panrehiyong sangay at isang hanay ng mga tanggapan ng distrito (Population Health and Wellbeing Networks sa mga lokalidad ng DHB), kaya't ang mga desisyon ay gagawing malapit sa mga lugar.
- Ang bagong Māori Health Authority ay magkakaroon ng dalawang responsibilidad: susuporta ito sa Ministri sa paghugis ng sistema ng polisiya at istratehiya upang tiyakin ang pagganap para sa Māori, at makikipagtulungan sa Health NZ upang magkomisyon ng pangangalaga sa buong New Zealand, tinitiyak na ang mga pangangailangan at inaasahan ng mga komunidad ng Māori ay nakasentro rin sa disenyo at paghahatid.
- Ang Ministri ng Kalusugan ay muling makakapagtuon sa pangangasiwa ng sistema ng kalusugan at magbibigay ng payo sa mga Ministro tungkol sa pangkalusugang istratehiya at polisiya – ibig sabihin, mas mahusay nitong mapapanatili ang bisibilidad ng sistema ng kalusugan at ang kabuuang kagalingan ng mga taga-New Zealand.
- Ang Ministri ay mag-aanyaya sa bagong Public Health Agency upang magbigay ng pambansang pamumuno sa polisiya ng pampublikong kalusugan, istratehiya at intelligence, habang ang mga Public Health Unit ay pagsasama-samahin sa isang pambansang serbisyo ng pampublikong kalusugan sa loob ng Health NZ. Titiyakin nito na ang ating mga Public Health Unit ay may kahandaan upang tumugon bilang isang entidad laban sa mga bantang katulad ng COVID-19.
- Upang matiyak na ang pagtuon sa pagpapanatiling malusog ng mga tao nang mas matagal ay matatag na nakapirmi sa sentro ng ating sistema ng kalusugan, ang Health Promotion Agency ay isasama sa Health NZ.

# Hauora Māori

Sa mga nakaraang dekada, ang ating sistema ng kalusugan ay nabigong magsilbi para sa Māori. Nagdurusa ang Māori dahil sa maraming maiiwasang pagkamatay kaysa sa karamihan ng mga taga-New Zealand, mas maikling panahon ng inaasahang buhay, at hindi laging tumatanggap ng kaparehong kalidad ng pangangalaga. Ang hindi patas na mga ito ay hindi maaaring magpatuloy. Upang matiyak na ang mga ito ay hindi magpapatuloy, at bilang pagkilala sa mga obligasyon ng pamahalaan sa Māori sa ilalim ng Te Tiriti o Waitangi, kailangang suportahan ng ating sistema ng kalusugan ang hauora Māori sa napaka-naiibang paraan.

Ang mga repormang ito ay naglalayong patibayin ang rangatiratanga Māori kaysa sa hauora Māori, bigyang-kapangyarihan ang Māori upang bigyang-hugis ang pagbibigay ng pangangalaga, at magbigay ng tunay na epekto sa Te Tiriti o Waitangi.

Ang mga inisyatiba gaya ng mga kampanyang pinamunuan ng Māori noong 2020 sa pagbabakuna laban sa trangkaso para sa mga nasa edad na ay nagpakita ng magagawang napakalaking epekto ng pamunuan ng Māori sa pagkamit ng pagkakapantay-pantay. Ang mga repormang ito ay magdaragdag pa, at matututo mula, sa mga tagumpay na ito.

Upang ipaglaban ang tinig ng Māori sa sistema ng kalusugan, ang sistema sa kalusugan sa hinaharap ay magkakaroon ng:

- isang **Māori Health Authority na may malaking awtoridad** upang makipagtulungan kasama ang Ministri ng Kalusugan tungkol sa istratehiya at polisiya, at makipagtuwang sa Health NZ upang bumuo ng pangangalaga na mas mahusay na tutugon sa mga pangangailangan ng Māori at iba pang taga-New Zealand – pati rin ang direktang pagpondo at pagkomisyon ng marami pang kaupapa Māori at mga serbisyong batay sa te ao Māori
- **pinatibay na mga Iwi-Māori Partnership Board** upang kumilos bilang isang tinig na makakaimpluwensya at makakagawa ng desisyon para sa iwi at Māori sa bawat lokalidad, upang ang mga Te Tiriti na pagtutuwang ay mapapatakbo sa bawat antas ng ating sistema ng kalusugan
- mas matibay na inaasahan sa lahat ng mga ahensya ng kalusugan at mga kalalabasan para sa Māori at iba pang mahihinang grupo na noong dati ay hindi tumanggap ng patas na pangangalaga o mga kinalabasan.

Nangangahulugan ito na ang ating sistema ng kalusugan sa hinaharap ay magkakaroon ng mas sinasadyang pamumuhunan sa pagkakapantay ng pag-access at mga kalalabasan para sa Māori, higit pang pananagutan, at mas malaking papel para sa iwi at Māori sa paghugis ng disenyo ng serbisyo at paghahatid para sa mga komunidad ng Māori.

Dagdag pa, ang tinarget na suporta para sa mga provider ng pangangalaga sa Māori ay magpapahintulot sa amin na palaguin ang hanay ng mga kaupapa Māori at mga serbisyong batay sa Māori na inaalok sa ating sistema ng kalusugan – na magpapabuti ng pag-abot sa mga komunidad na Māori, magkakaroon ng iba't ibang mga opsyon sa serbisyong makukuha, at magpapabuti sa mga kalalabasang pangkalusugan para sa Māori at mga hindi Māori. Mag-aalok din ito ng mga bagong kaayusan upang matiyak na lahat ng mga network ng mga provider ng serbisyo ay magbibigay sa ating iba't ibang mga komunidad, hindi lamang sa mga komunidad na dati nang madaling naka-access ng pangkalusugang pangangalaga.

# Pangunahin at pangkomunidad na pangangalaga

Karamihan sa mga taga-New Zealand ay karaniwang nakikipag-ugnay sa sistema ng kalusugan sa pamamagitan ng pangunahin at pangkomunidad na pangangalaga. Kabilang dito ang iyong lokal na doktor, mga botika sa komunidad, mga pangkomunidad na provider na Māori at Pasipiko, mga serbisyo sa pangangalaga ng matatanda, mga parmasyutiko, komadrona, pangkomunidad na serbisyo sa kalusugang pangkaisipan, physiotherapist, dentista at iba pa na tumutulong sa paggamot sa iyo at pinananatili kang ligtas sa tahanan o sa komunidad.

Ang pagbawas ng pabigat sa ating sistema ng kalusugan ay nangangailangang panatilihin nating malusog ang mga tao nang mas matagal, na may ibinibigay na pangangalagang malapit sa tahanan.

Sa ngayon, napakadali para sa mga pagpopondo at sa pagtuon na lumayo mula sa mga pangangalagang nakabase sa komunidad tungo sa mga serbisyo ng ospital at espesyalista – kahit na alam natin na ang may kalidad, at maa-access na pangunahing pangangalaga ay mahalaga sa pagpapanatiling malusog ng mga tao nang mas matagal, at maiwasan ang mas malubhang mga karamdaman.

Sa sistema ng kalusugan sa hinaharap, ang iyong pook ay magkakaroon ng isa o higit pang **mga network sa lokalidad** ng mga provider ng pangkalusugang pangangalaga sa komunidad. Kabibilangan din ito ng mga tao katulad ng iyong lokal na GP, mga tagapangalaga sa maternity, mga nars ng distrito at mga optometrist, ngunit ang pangangalagang kanilang ibinibigay ay magiging mas mahusay at maa-access. Maaari itong maging ganito:

- paghihigpit sa mga ugnayan ng mga provider ng pangangalaga, upang ang mga daraanan ng mga rekord at pangangalaga ay susunod sa mga pasyente sa lahat ng mga umaambag sa kanilang pangangalaga
- mas mahusay, mas malawak na paggamit ng teknolohiyang digital upang ang pangangalaga ay maibigay nang mas malapit sa tahanan, at higit na pamamahala sa sariling pangkalusugang pangangalaga
- mas mahusay na pag-akma ng mga lokal na serbisyo upang matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad, katulad ng pagtiyak na mas makakakuha ng mga serbisyong kaupapa Māori, o na ang pagpopondo ay magagawang mas makakayanan ng mga provider ang mga konsultasyon sa GP ng whānau , o mga appointment sa labas ng mga oras ng opisina.

Ang mga serbisyong ito ay huhubugin ng Health NZ at ng Māori Health Authority, upang matiyak na ang mga ito ay angkop para sa layunin para sa iba't ibang mga taga-New Zealand sa ating mga komunidad.

Magkakaroon din ng mga pagbabago sa istraktura ng pangunahin at pangkomunidad na pangangalaga – higit sa lahat ay ang mga serbisyo ng GP ay hindi na kailangang pondohan sa pamamagitan ng isang Primary Health Organisation. Nagbubukas ito ng bago, naibabagay na mga opsyon kung paano nanaisin ng mga komuniidad na magkoordina at mamahala ng pangangalaga para sa kanilang mga pangangailangan.

# Pangangalaga ng ospital at espesyalista

Ang mga serbisyo ng ospital at espesyalista ay maa-access sa mga medikal na pasilidad ng espesyalista – gaya ng ospital o klinika para sa mga outpatient – at hinaharap ang mas malubha, kumplikado o bihirang mga kondisyong-medikal. Kabilang dito ang karamihan na wala sa pangunahin at pangkomunidad na pangangalaga, kabilang ang mga ospital at lahat ng mga serbisyong nakakabit sa kanila, at mga espesyalistang serbisyo para sa outpatient.

Ang may-kalidad na pangangalaga ng ospital at espesyalista, kung pahahalagahan, ay gumagawa ng napakalaking pagpapabuti sa kalusugan ng mga taga-New Zealand – ngunit nangangailangan ng higit na koordinasyon at katatagan kaysa sa mayroon tayo ngayon.

Alam natin na ang mga serbisyo ng ospital at espesyalista sa maraming panig ng New Zealand ay nasa ilalim ng malaking paghihirap. Ang isang pangunahing sanhi ng paghihirap na ito ay ang ating mga serbisyo ng ospital at espesyalista ay hindi pinamamahalaan bilang isang maliwanag na network – sa halip, ang mga serbisyo ay pinamamahalaan nang hiwa-hiwalay sa isa't isa. Ginagawa nitong mas mahirap kaysa sa inaasahan upang:

- matiyak ang katatagan ng pangangalaga sa buong New Zealand, upang ang pangangalagang iyong tatanggapin ay hindi magdedepende kung saan ka nakatira
- mag-alok ng pangangalaga kung saan ito maa-access at praktikal
- pamahalaan ang mga gastusin sa paglipas ng panahon, na nagbabawas kung magkano ang maaari nating makuha upang pondohan ang pangangalaga sa komunidad.

Sa sistema ng kalusugan sa hinaharap, ito ay mapabubuti sa pamamagitan ng pambansang pagpaplano ng ating mga serbisyo ng ospital at espesyalista at pamamahala ng mga ito sa pamamagitan ng mas malawak na **panrehiyong mga network**. Sa halip na gawin ang mga desisyon tungkol sa pangangalaga nang bukud-bukod mula sa ibang nakapalibot na mga rehiyon, ang mga serbisyo ng ospital at espesyalista ay dapat pondohan kung saan makagagawa ang mga ito ng pinakamalaking pagpapabuti sa pangangalaga ng mga taga-New Zealand. Ito ay magiging ganito:

- higit na katatagan ng pangangalaga sa buong New Zealand – ibig sabihin, ang mga komunidad na rural at maliliit na lungsod ay magkakaroon ng mas mahusay na pag-access sa pangangalaga na mas madalas kailanganin malapit sa tahanan (gaya ng mga pang-emerhensyang departamento na may handang mga kagamitan at ang pangangalaga sa acute maternity), at higit na katiyakan kung saan kakailanganin ang espesyalista o kumplikadong pangangalaga.
- nabawasang pangangasiwa at pagkakumplikado na sanhi ng pagkakahiwa-hiwalay ng mga serbisyo sa buong bansa, nabawasang gawain ng mga kawani at gagawing mas maayos ang mga karanasan ng mga pasyente.
- mas kakaunting kompetisyon sa mga distrito para sa mga kawani at mapagkukunan, kaya't ang pondo at mga kawani ay kasunod ng pangangailangan.

# Pampublikong kalusugan

Ang pampublikong kalusugan ay kung saan magsisimula ang marami sa ating mga oportunidad upang hadlangan ang mga sakit, gamit ang mga aktibidad katulad ng:

- Kalusugan ng populasyon – tinatarget ang mga bagay na sanhi ng ating pagkakasakit (katulad ng paninigarilyo)
- paghadlang sa sakit, gaya halimbawa sa pamamagitan ng pagbabakuna
- pagtugon sa mga epidemya at pandemya.

Napatunayan ng COVID-19 na maaari tayong mamuno sa mundo sa pagharap sa mga banta sa pampublikong kalusugan – ngunit ito ay mangyayari lamang kung aalisin natin ang mga hadlang at magkasamang magtutulungan bilang isang pambansang pangkat.

Ang nakaraang labindalawang buwan ay nagpakita na ang ating sistema ng pampublikong kalusugan ay maagap na kumikilos, makabago at nakaugnay na mabuti sa ating mga komunidad. Ang mga pinangunahang inisyatiba na katuwang ang Māori at ang iba't ibang mga komunidad ay nagpanatili sa atin nang mas ligtas kaysa sa karamihan ng mga bansa sa mundo.

Ngunit ang ating mga karanasan sa COVID-19 ay nagbigay-diin din sa ating mga kahinaan – lalo na't ang ating 12 hiwa-hiwalay na mga Public Health Unit ay nangailangan ng mas mahusay na pambansang koordinasyon at pamumuno sa pagtugon sa mga banta sa buong bansa upang matiyak na makakaagapay ang pinakamahusay na gawi at mga pagpapabuti.

Ang ating sistema ng kalusugan sa hinaharap ay magkakaroon ng mas matibay na pagtuon sa pampublikong kalusugan, na may partikular na pagtuon sa pagtugon sa hanay ng mga dahilan na umaambag sa kalusugan at kagalingan, mula sa pabahay hanggang sa pagtatrabaho hanggang sa panlipunang pangangalaga. Dalawang pangunahing pagbabago ang muling huhubog kung paano natin titiyakin ang pampublikong kalusugan:

- Ang Ministri ng Kalusugan ay mangunguna sa bagong **Public Health Agency** na magiging responsable para sa polisiya, istratehiya at intelligence ng pampublikong kalusugan. Tutulong ito sa atin na mas mabuting maunawaan at tumugon sa mga banta sa pampublikong kalusugan, at ilagay ang kadalubhasaang siyentipiko sa sentro ng paggawa ng polisiya.
- Kabilang sa Health NZ ang isang **pambansang serbisyo ng pampublikong kalusugan**, na pagsasama-samahin ang ating mga Public Health Unit sa ilalim ng isang pambansang bandila. Nangangahulugan ito na mas mahusay nating makokoordina ang mga serbisyo ng pampublikong kalusugan, tutugon sa mga banta na gaya ng COVID-19, mga paglitaw ng tigdas, at paninigarilyo.

Bilang bahagi ng paglipat na ito, mahalaga rin na ang kalusugan ng populasyon – na kinabibilangan ng kung paano naiimpluwensahan ang ating kalusugan at kagalingan ng mga dahilang katulad ng mga personal na pag-uugali, pabahay at panlipunang pangangalaga – ay nasa gitna ng ating mga pangunahing ahensya ng kalusugan. Upang matiyak na mangyayari ito, lilipat ang Health Promotion Agency sa Health NZ upang matiyak na mapapanatili natin ang kakayahan at kasanayan sa kalusugan ng populasyon. Ang kakayahang ito ay magagamit ng Health NZ at ng Māori Health Authority, upang matiyak na lahat ng taga-New Zealand ay sinusuportahan upang manatiling malusog at mamuhay nang maayos.

# Ang programa ng pagbabago

Ang mga pahayag na ito ay kumakatawan lamang sa pagsisimula ng pagpapatibay ng ating sistema ng kalusugan. Ang mga pagbabago sa mga istraktura ng sistemang iyon ay hindi magkakaroon ng kagyat na epekto sa kung paano, saan at kailan ka tatanggap ng pangangalaga; o kung saan at paano ka nagtatrabaho, kung ikaw ay miyembro ng workforce ng kalusugan.

Sa katamtamang tagal ng panahon, ang mga paraan ng pagsuporta natin sa ating mga propesyonal ng kalusugan sa frontline upang magbigay ng pangangalaga ay kailangang mapagbuti upang makapag-alok tayo sa mga taga-New Zealand ng mas mahusay na pangangalaga, at higit na maipagpapatuloy, mapagbigay-kapangyarihang kapaligiran para sa ating workforce sa kalusugan. Sa sistema ng kalusugan sa hinaharap, ikaw ay maaari pa ring magkaroon ng GP at lokal na ospital, ngunit ang pangangalagang iyong tatanggapin ay mas mahusay na sasalamin sa iyong pangangailangan, mga pinahahalagahan at inaasahan ng inyong komunidad, at ano ang madali at praktikal para sa iyo at sa mga propesyonal ng pangkalusugang pangangalaga.

May tatlong pangunahing mga bahagi ang darating na programa ng pagbabago:

- karagdagang gawain at reporma ng polisiya
- detalyado, pinagtulungang disenyo
- pagpapatupad at pagbabago.

Ang mga paunang reporma na ito ay ang simula ng isang magtatagal, pangmatagalang proyekto upang mapabuti ang kalidad ng pangangalaga, katatagan at pagiging patas – at titiyaking madarama ng ating workforce ang pagpapahalaga at pagsuporta sa kanila.

Magkakaroon pa rin ng pagbabago sa polisiya at ang mga pahayag ay darating sa larangan ng pagpopondo, workforce at digital na kalusugan. Ang mga pagbabagong ito ay magdadala sa atin patungo sa makahulugang pagbabago sa pangangalaga.

Gayundin, ang mga ahensya ng kalusugan ay makikipagtulungan sa iyo – nagtatrabaho ka man sa sistema ng kalusugan o ikaw ay miyembro ng malawak na komunidad – tungkol sa mga detalye kung paano gagana ang ating sistema ng kalusugan sa hinaharap. Magkakaroon ng mga oportunidad sa lahat ng mga paksang tinalakay sa itaas upang makaimpluwensa kung paano makapaghahatid ang sistema natin sa hinaharap ng mas mahusay, mas matatag at mas patas na pangangalaga.

Panghuli, may mga pangunahing pagbabago na kailangang simulan na ngayon, kabilang ang pagtatatag ng bagong Health NZ at Māori Health Authority, at pagsuporta sa mga DHB at sa Ministri ng Kalusugan upang maghandang ilipat ang mga responsibilidad at mga empleyado sa Health NZ.

Ang aming pangako sa iyo ay mananatili kaming nakikipag-ugnay, nakikipag-usap nang bukas, habang patungo tayo sa isang pinatibay na sistema ng kalusugan. Kung ikaw ay may anumang mga tanong, maaari kang makipag-ugnay sa Transition Unit na namamahala sa mga reporma.

Website: [www.dpmc.govt.nz/our-business-units/transition-unit](www.dpmc.govt.nz/our-business-units/transition-unit)
Email: [enquiries.tu@dpmc.govt.nz](mailto:enquiries.tu@dpmc.govt.nz)